REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

PHILIPPINES 2000
*Sama-Sama sa DECS*

Abril 12 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 178, s 2000

PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN (SEMINAR-WORKSYAP) SA FILIPINO

Sa mga Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan sa Elementarya at Sekundarya
Tagapangulo, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

1 Ang Kolehiyo ng Sining at Agham ng Mariano Marcos State University Batac Ilocos Norte sa pakikipagtulungan ng Grandwater Publications Lungsod ng Makati at sa tangkilik ng Kagawaran ng Edukasyon Kultura at Isports (DECS) at Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), ay magdaraos ng Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino sa Mayo 15-17 2000 sa University Training Center, Mariano Marcos State University Batac Ilocos Norte

2 Ang pangkalahatang paksa sa pambansang gawaing-kapulungan na ito ay "Replektibong Pagtuturo at Pagmamasid sa Filipino"

3 Pagkatapos ng gawaing-kapulungan na ito, bawat kinatawan ay inaasahang

a) magtatamo ng mas malawak na kabatiran sa Filipino at makapaghahanda ng mga kagamitang panturo na tumutugon sa mga pangangailangang pangwika ng mga mag-aaral,
b) magtatamo ng mas malawak na kaalaman sa makabuluhang pagmamasid sa mga klase sa Filipino at malapiay ang mga ito sa mga aktwal na kalagayang pangklasrum
c) magkakaroon ng mataas na pagpapahalaga sa sarili bilang guro ng Filipino
d) magagamit ang mga di kwentong kagamitan gaya ng anunsyo, lathalain, grap sa mabisang pagtuturo ng Filipino at
e) makabubuo ng mga pagsusulit pangwika sa Filipino

4 Inaanyayahang dumalo sa gawaing-kapulungan na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapan ng DECS Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon mga panrehiyon/pansangay/pandistritong superbisor sa Filipino puno/tagapag-ugnay ng Filipino, o sinumang hihirang na kinatawan sa mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya pribado man o pampamahalaan mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon at mga guro/instruktor/propesor ng wika Hinihiling sa mga dadalong kinatawan na dalhin ang kanilang mga batayang aklat/sanggunlang aklat sa Filipino para sa isasagawang worksyap

E-Mail Address
OSEC @SKYINET NET
"Together Let Us Build This Nation Through Education"
Tel. # 02-633-7228 or 7208
Fax # 02-632-0805

5 Magnumula sa mga kalahok ang halagang P2 500 00 para sa kaukulang bayad sa pagkain, tirahan hon raryum ng mga tagapanayam handouts lakbay kultural at iba pa Ang mga magsisidalo na mula sa pampublikong paaralan at institusyon ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang Ang mga dadalo na mula sa pribadong institusyon ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang administrador

6 Mangyaring ipadala ang inyong reserbasyon kay Dr Perla G Ulit Kolehiyo ng Sining at Agham Mariano Marcos State University, Batac Ilocos Norte 2906 o tumawag sa telepono bilang (077) 792-3848 o (077) 792 3191

7 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

ANDREW B GONZALEZ FSC
Kalihim

Sanggunian
Wala

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

Learning Area FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS